REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-112**

**KAPASIYAHAN NA TINUTULIGSA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, ANG A.D. CONSTRUCTION BILANG KONTRAKTOR NA GUMAGAWA NG PAGSA-SAAYOS NG LANSANGAN SA MAY ILALIM NG ALABANG VIADUCT, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, pangunahing tungkulin ng mga namumuno sa pamahalaang bayan na pangalagaan ang mga ari-arian ng pamayanan at isaalang-alang ang kapakanan at kabutihan ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang ginagawang lansangang-bayan sa ilalim ng Alabang Viaduct ay isinasagawa ng A.D. Construction ng 3-A Sunvar Condominium, Panulukan ng Kalye Luna at Kalye Villaruel sa Lungsod ng Pasay at si Bb. Arsenia Diaz bilang tagapamahala nito ay lampas na sa itinalagang taning upang matapos ito ayon sa kasunduan at dahil sa pagkabalam na ito ay naging mabagal ang daloy ng trapiko bunga ng mga sirang lansangan;

SAPAGKAT, inaakala ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ang A.D. Construction ay walang sapat na kakayahan upang gumawa ng malalaking proyekto dahil sa kawalan nito ng sapat na kagamitan, makinarya at kaukulang puhunan o kapital upang matustusan ang pangangailangan sa mga proyektong maipagkakaloob sa kanila;

SAPAGKAT, ang mabagal na pagsasaayos ng lansangan ay nagdulot ng malaking kaabalahan hindi lamang sa mga mamamayan ng Muntinlupa kungdi maging sa mga ibang taong bumabagtas sa nasabing lansangan na nagbuhat pa sa iba't-ibang lugar tulad ng mga mag-aaral, kawani at mangangalakal;

SAPAGKAT, ang napupulaan sa abalang idinudulot ng sira at nakatiwang-wang na lansangan ay ang mga kasalukuyang nanunungkulan sa pamahalaang bayan at nagiging batik sa kanilang kakayahan na gumanap ng tungkulin;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na tuligsain ang A.D. Construction bilang kontraktor na gumagawa ng pagsasaayos ng lansangan sa ilalim ng Alabang Viaduct, Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Paggawain at Lansangang Bayan, Komisyon ng Kalakhang Maynila at ang Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas dahil sa paglabag ng nabanggit na kontraktor sa mga kasunduan at mabagal at di-maayos na pagsasagawa ng lansangan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-animnapu't limang (65th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-17 ng Hulyo, 1989.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punongbayan/Pangalawang Pang. Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Hindi bumoto)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Pinatotohanan:

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: Hulyo 17, 1989